Los Angeles County
Registrar-Recorder/County Clerk

HANDA NA BA KAYONG BUMOTO?

- **Tiyakin na kayo ay nakarehistro upang makaboto.** Alamin kung kayo ay nakarehistro upang makaboto o kumuha ng Porma ng Pagpaparehistro ng Botante sa **www.LAVOTE.net** o tumawag sa **(800) 815-2666**.
- **Suriin ang inyong halimbawang balota.** Bawat nakarehistrong botante ay tumatanggap ng isang librito ng Opisyal na Halimbawang Balota hindi kukulangin sa 15 araw bago ang bawat halalan.
- **Pumili ng opsyon sa pagboto.**

Bumoto sa Pamamagitan ng Koreo (VBM)

- Mag-aplay para sa isang balota ng VBM gamit ang aplikasyong nakalimbag sa inyong halimbawang balota o online sa **LAVOTE.net**
- Botohan ang inyong balota ng VBM, at ipasok ito sa sobrang ibinigay. Tiyakin na nakumpleto ninyo ang lahat ng kinakailangang impormasyon.
- Ibalik ang inyong balota ng VBM sa pamamagitan ng koreo bago sumapit ang Araw ng Halalan, o dalhin ito sa alinmang lugar ng halalan sa Araw ng Halalan.

Bumoto Nang Maaga

- Ang mga nakareshitrong botante ay makaboboto ng hanggang 29 na araw bago sumapit ang Araw ng Halalan.
- Ang maagang pagboto ay isinasagawa sa opisina ng Tagapagrehistro-Tagapagtala/Klerk ng County na matatagpuan sa **12400 Imperial Hwy., Norwalk CA 90650, Room 3002.**
- Ang opisina ng Tagapagrehistro ay bukas sa mga araw ng Sabado at Linggo para sa maagang pagboto na magsisimula 14 na araw bago sumapit ang Araw ng Halalan.

Bumoto sa isang Lugar ng Botohan

- Magpatala at pirmahan ang Listahan ng mga Botante.
- Kung kailangan, maipakikita sa inyo ng manggagawa sa botohan kung paano ginagamit ang kagamitan sa pagboto upang makaboto kayo.
- Bibigyan kayo ng manggagawa sa botohan ng isang opisyal na balota at ituturo sa inyo ang isang kubol ng botohan.
- Pumasok sa kubol at bumoto.
- Pagkatapos ninyong bumoto, ipasok ang inyong balota sa Tagabasa ng Balota sa Presinto (PBR). Susuriin ng PBR ang inyong balota para sa mga pagkakamali.

- Ang mga botante ay maaaring magpatala sa bagong programang **E-Sample Ballot** online at tumanggap ng kanilang Opisyal na Halimbawang Balota sa elektronikal na paraan!
- Nagkakaloob kami ng maraming serbisyong panghalalan para sa botanteng may **mga partikular na pangangailangan.** Para sa karagdagang impormasyon, mangyaring bisitahin kami online.
- Kayo ba ay **militar o botanteng nasa ibang bansa** na iniisip ang tungkol sa mga halalan? Bisitahin kami online upang malaman ang tungkol sa mga opsyon sa pagboto.

www.LAVOTE.net

Upang humiling ng mga gamit sa halalan sa Tsino, Hapon, Koreano, Kastila, Tagalog, Biyetnamis, Hindi, Khmer, o Thai tawagan kami sa 1.800.481.8683

Tagalog/Filipino